THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Mga katutubong produkto, mabibili na sa bagong Naujan Central Business District

VOLUME I No. 42 Aug 29, 2022 - Sept 04, 2022

# Roro MV ASIA PHILIPPINES caught fire at sea!



BATANGAS CITY - Last 26 August 2022, the RoRo vessel MV Asia Philippines caught fire while it was about to dock at Batangas Port. The Philippine Coast Guard responded to the fire incident and the fire was put under control and officials are said to be evaluating the extent of the damage. The MV Asia Philippines is a vessel operated by Starlite Ferries, Inc.,

A total of 73 individuals were rescued and one of the 73 rescued individuals, a 44-year-old female, was brought to the nearest hospital for medical attention due to an injury.

According to an official statement released by Starlight Ferries Inc., all 40 passengers and 33 crew onboard have been accounted for and are safe. The Management promised that full assistance will be extended to all passengers and crew affected by the incident (news details and pictures from PIO Oriental Mindoro).



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM












# Inauguration ng Evacuantion Center sa Bongabong isinagawa

*KAMAKAILAN, nakiisa ang Provincial Government of Oriental Mindoro sa pamamagitan ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher Dolor bilang kinatawan ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor sa isinagawang Inauguration ceremony ng Evacuation Center sa Sitio Panlanao, Brgy. Sagana, Bongabong.*

*Ang proyektong katulad nito na itinataguyod ng PGOM sa ilalim ng administrasyong Dolor ay isang epektibong paraan ng paghahanda sa panahon ng kalamidad na hindi maitatangging may malaking tulong sa mga mamamayan (PIO Oriental Mindoro).*




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# Mga katutubong produkto, mabibili na sa bagong Naujan Central Business District






MAPAPA-WOW ka talaga sa husay ng ating mga katutubong Mangyan dito sa Oriental Mindoro dahil makikita ngayon ang de- kalidad na native products na maituturing na likhang sining at mismong personal na konsepto ng ating mga kapatid na Mangyan sa bayan ng Naujan.

Naka-display ito ngayon sa bagong Naujan Central Business District o Grand Terminal/OTOP Center na matatagpuan along Nautical Highway, Bgy.Pinagsabangan II Naujan, Oriental Mindoro.

Bahagi ito ng pag- alalay ng Pamahalaang Bayan sa naturang grupo ng mga katutubo na mas linangin pa nila ang kanilang kakayahan at matumbasan din ito ng sapat na halaga na magsisilbing isa lamang sa kanilang pangunahing paraan ng pagkakakitaan.

Sa halip na dadayuhin pa ito sa mismong lugar na malayo sa kabayanan, ngayon mas madali na itong mapupuntahan.

Hindi pa man nagbubukas ang Business Center sa bayang ito ng Naujan dahil sa patuloy nitong pagsasaayos, naglaan na sila ng espasyo para sa mga naturang produkto dahil naniniwala ang pamunuan ng Pamahalaang Bayan ng Naujan na hindi lamang maaalalayan ang mga katutubo, maibibida pa ang kanilang mga likhang produktong tunay naman ngang maipagmamalaki at masasabing tatak Naujeño.

Ang native products na ito ay gawa ng Samahan ng mga Manggawang Mangyan Alangan mula sa bayan Naujan.

Kaya mga Oriental Mindoreños, ang mga produktong ito ay tunay na sariling atin na dapat din nating tangkilikin.

Paunawa: Ang mga produktong ito ay limitado pa lamang ang bilang ngunit ginagarantiya ang ganda at tibay ng kalidad nito. Sa iba pang impormasyon makipag ugnayan lamang sa LGU Naujan- Municipal Tourism Office (PIO Oriental Mindoro).







THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 42 Aug 29, 2022 - Sept. 04, 2022

MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Sulyap Kultura: Cultural Research Colloquium ginanap*




SA IKALAWANG pagkakataon, matagumpay na naisagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ng Provincial Tourism Office ang "Sulyap Kultura: Cultural Research Colloquium" na ginanap sa Oriental Mindoro Heritage Museum, kamakailan.

Tampok sa naturang research colloquium ang ilang mga panayam buhat sa mga mahuhusay na tagapagsalita at mananaliksik ukol sa kasaysayan, sining at kultura. Tinalakay sa unang panayam ang 'Sulyap Kultura as a Way of Documenting Cultural Researches' na pinadaloy ni Prof. Ricamela Palis, tagapagsalita mula sa National Commission on Culture and the Arts (NCCA). Matapos nito, dalawang research presentation naman ang ibinahagi sa mga kalahok, ito ang 'The Experiences of Transformational Leaders in Education Amidst the Pandemic' ni Ms. Ana Maria Bacudio at 'Analysis of Ethnic Dance of Alangan Tribe' na ibinahagi naman ni Ms. Clarissa Sode-Bacudio.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ni Chief-of-Staff Nette Dalupan, kinatawan ni Governor Bonz Dolor ang kahalagahan ng pananaliksik sa sining at kultura upang maunawaan ang kasalukuyan at tunguhin sa hinaharap.

"Maging inspirasyon nawa ng ating mga researchers ang colloquium na ito upang mas maunawaan at maiangat ang antas ng ating kamalayan sa kultura sa siyang magiging batayan ng ating pagkilos tungo sa mga darating pang pananaliksik at pagsasanay. Maging daan ito upang lalo pa nating ipagmalaki ang ating sining at kultura at marating ang ating naisin bilang indibidwal, komunidad, lalawigan at bansa,"dagdag pa niya.

Matatandaang nauna nang nagsagawa ng kahalintulad na gawain ang Pamahalaang Panlalawigan na sadyang naglalayong maunawaan, maingatan at maibahagi ang kasaysayan at linangin ang sining at kultura ng lalawigan.

Katuwang ng Provincial Tourism Office sa gawaing ito ang Divine Word College of Calapan (DWCC) at Mindoro State University (MinSU).